

Filipino Translation – The Nights the Angels Cry

Ang Gabi ng Pag-iyak ng Mga Anghel

Ito ang gabi ng pag-iyak ng mga anghel,
Sa 'Pag-asa' na hindi kailanman mamamatay.
Ako'y lumuhod upang manalangin ngayon:
"Panginoon, tanggapin Ninyo ang aking kaluluwa!"

Isang bagong awit mula sa langit ang pumasok sa aking
pandinig,
Ang gabing umawit ang isang anghel: "Narito Siya!"
Ako'y tumingala sa langit kung saan lilipad ang mga anghel—
Hindi mo ba naririnig ang hinagpis ng isang anghel?

Kung hindi mauunawaan, paano kaya ito mangyayari?
Hindi ba't ako'y tao ring may malayang kaluluwa?
Ano ang kahulugan ng lahat ng ito sa akin?
Ang mga ingay at tinig,
Ang hagulgol ng isang anghel?

Hindi mo ba nakikita ang iyong halaga sa akin?
Ikaw ang 'Kapayapaan at Pag-asa' hanggang wakas!
Mga tinig ng 'Pag-asa' na hindi kailanman mamamatay!
Bukas, muling sisikat ang araw.

Pinili upang makita ang 'tanda' sa aking harapan.
Tingnan mo! Isa pang 'tanda' ng dumarating na Liwanag.
Ito nga ang gabing umiyak ang isang anghel,
Nagbabalita ng 'Pag-asa' na hindi kailanman mamamatay!

Ang aking buhay ay kumpleto na at may kapayapaan sa aking
kaluluwa.
Narito na Siya at tinawag na 'Kahanga-hanga'!
Ito ang tunog ng hinagpis ng isang anghel,
Isang bagong awit mula sa langit na hindi kailanman
mamamatay!